# ANG DIGITAL TV TRANSITION

FCC — Visit DTV.gov




## Ano ang Digital TV (DTV) Transition?

Sa kasalukuyan, maraming mga over-the-air station ang nagpapalabas sa kapwa analog at digital TV (DTV) format. Pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009, ang full-power TV stations ay magpapalabas na lamang sa digital. Ang DTV transition ay makakaapekto lamang sa mga nanonood ng libreng over-the-air television (gamit ang isang antenna sa bubong o kaya "rabbit ears"). Kung nanonood kayo ng over-the-air na mga programa sa isang analog TV, dapat kayo kumilos bago mag-ika-17 ng Pebrero 2009.

## Bakit Lumilipat sa Digital ang mga Broadcast Station?

Iniaatas ng pederal na batas ang pagbabago, upang mailibre ang airwaves para sa komunikasyon ng pulis, sunog, at emergency rescue, upang mapahintulutan ang mga broadcaster na mag-alok ng mga programang mas malinaw at mas maganda ang tunog at mas maraming mapagpipiliang programming, at upang mapahintulutan ang advanced wireless services para sa mga consumer.

## Ano Ang Dapat Kong Gawin Upang Maghanda?

Mayroon kayong tatlong mapagpipilian:

1. **Ikabit ang inyong analog TV sa isang digital-to-analog converter box**. Ang digital-to-analog converter boxes ay mabibili sa mga tindahan at ang isang-beses na gastos para dito ay $40-$70. Bilang tulong sa inyo sa pagbayad para sa boxes, nag-aalok ang gobyerno ng U.S. ng dalawang $40 coupons para sa bawat tahanan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa coupons, bisitahin ang **www.DTV2009.gov**, o tumawag sa 1-888-388-2009 (boses) o 1-877-530-2634 (TTY). At hindi na dapat kailangan ang bagong antenna kung mahusay ang reception na nakukuha ninyo sa analog channels 2-51 gamit ang inyong kasalukuyang. **O kaya**

2. **Bumili ng digital television (TV na may built-in digital tuner)**. Hindi ninyo kailangan ng High Definition TV (HDTV) upang manood ng digital broadcast television. Kailangan lamang ninyo ng digital TV (o analog TV na nakakabit sa digital-to-analog converter box). At hindi na dapat kailangan ang bagong antenna kung mahusay ang reception na nakukuha ninyo sa analog channels 2-51 gamit ang inyong kasalukuyang. **O kaya**

3. **Mag-subscribe sa isang may bayad na TV service**. Kung ang inyong TV ay tumatanggap ng local broadcast stations gamit ang isang paid provider tulad ng cable o satellite TV, handa na ito para sa DTV transition. Ang cable companies ay hindi inaatasang mag-transition o maglipat ng alinman sa kanilang mga channel sa digital. Pero kung may analog TV kayo na hindi nakakakuha ng local broadcast stations gamit ang inyong paid provider, kailangan ninyo ng digital-to-analog converter box upang manood ng digital broadcasts sa TV na iyon.

Para sa Karagdagang Impormasyon:

**1-888-CALL-FCC (Boses)** | **DTV.gov** | **1-888-TELL-FCC (TTY)**

# THE DIGITAL TV TRANSITION

Ano ang magagawa mo sa iyong Analog TV

## Paano ko mapapatagal ang paggamit sa aking analog TV?



Kung mayroon kang isang analog TV set at nakakakuha ka ng libreng over the air broadcasts, hinihikayat ka ng U.S. Environmental Protection Agency na samantalahin ang paggamit ng iyong TV sa pamamagitan ng pagkonekta nito sa isang digital-to-analog converter box o pag-subscribe sa isang binabayarang TV service.

Kapag bumibili ng isang digital-to-analog converter box, maghanap ng isa na may ENERGY STAR label. Mas matipid sa koryente ang converter boxes na ENERGY STAR-qualified kaysa sa karaniwang converter boxes. Kung ang lahat ng digital-to-analog converter boxes na ibinebenta sa U.S. ay tumutupad sa ispesipikasyon ng ENERGY STAR, makakatipid tayo ng 823 million kilowatt-hours bawat taon. May listahan ng ENERGY STAR qualified models sa **www.energystar.gov/products** (piliin ang Digital-to-Analog Converter Boxes).

## Kung ayaw ko na ang aking lumang TV, ano ang dapat kong gawin dito?

**I-recycle ito!** Kung nagpasiya kang bumili ng isang bagong digital TV at ayaw mo na ang iyong lumang analog TV, maghanap ng mga paraan upang i-recycle ito. Sa pag-recycle ng mga TV, nakukuha muli ang mga mahahalagang materyales mula sa circuit boards, metal wiring, leaded glass, at plastics. Tawagan ang hazardous waste collection at recycling program sa iyong lugar upang malaman kung mag-iisponsor sila ng darating na event upang mag-recycle ng mga TV at ibang electronics. Maaari mo ring itsek ang sumusunod na mga Web site upang humanap ng recycling program malapit sa iyo:

Hindi ibig sabihing ini-endorso ng EPA ang mga serbisyo dahil binanggit nito ang mapagkukunan ng tulong o impormasyon at ang mga lugar para sa electronics recycling.

**Earth 911** **www.earth911.com/electronics** Sa search engine ng Earth 911 na nakaayos ayon sa zip-code, mahahanap mo ang mga opsyon sa recycling at reuse (muling paggamit) sa iyong komunidad para sa iba't-ibang produkto.

**National Recycling Coalition** **www.nrc-recycle.org/localresources.aspx** Ang page na ito ay nagbibigay ng mga link sa impormasyon ng estado ukol sa recycling. Maraming mga komunidad ang may mga tanging araw para sa pangongolekta at recycling na naka-highlight sa kanilang mga Web site.

**My Green Electronics** **www.mygreenelectronics.org** Sa Consumer Electronics Association site na ito, makakakuha ka ng karagdagang impormasyon kung bibili ka ng "green" electronic products at malalaman mo kung anu-ano ang recycling na magagawa.

Para sa maraming gumaganang electronic products, mabuti ang mag-donate dahil nakakatulong ito sa reuse at pangmatagalang product life. Gayunman, kapag isinagawa ang paglipat sa digital broadcasting, maaaring hindi na tanggapin ng maraming charitable organizations ang mga analog TV. Mangyaring itsek sa organisasyon bago mo dalhin doon ang iyong analog TV.